Mga Lugar para Mag-snowboard
Jeanette Guerrero

Sa pagpili ng resort kung saan mo gustong mag-snowboard, pinakamainam na tingnan ang mga uri ng terrain na inaalok, ang kalidad ng mga terrain park at freeride terrain, at ang pangkalahatang reputasyon nito sa komunidad ng mga snowboarder. Tatlo sa mga pinakamahusay na snowboarding resort sa California ay matatagpuan sa Sierra Nevada, sa lugar ng Lake Tahoe. Ito ay ang Palisades Tahoe, Heavenly, at Northstar California.

Ang Palisades Tahoe ay nasa Olympic Valley at ito ang pinakamalaking resort sa California, na may humigit-kumulang 6,000 acres na nahahati sa dalawang bundok, ang Alpine at Palisades, na pinagdudugtong ng gondola. Ang resort na ito ang nag-host ng 1960 Winter Olympics at kilala sa matarik at teknikal na terrain nito, pati na rin sa mga bangin at chute nito, na paboritong puntahan ng mga freeride snowboarder.

Ang Heavenly Mountain Resort ay nasa hangganan ng California at Nevada, sa itaas ng South Lake Tahoe, at kilala sa napakagandang tanawin ng Lake Tahoe habang bumababa ka sa bundok. Nasa resort na ito ang pinakamataas na tuktok sa lugar ng Tahoe, na nasa mahigit 10,000 talampakan, at tatlong magkakaibang terrain park. Magandang puntahan ang Heavenly para sa mga intermediate at advanced na rider, at may gondola na direktang sinasakyan mula sa Heavenly Village.

Ang Northstar ang pangunahing pinupuntahang resort sa Tahoe ng mga park rider at mga baguhang snowboarder, na may 100 run na naaabot gamit ang 20 lift. Maganda rin ito para sa mga intermediate na rider, pero higit sa lahat ay kilala ito sa maayos na pagka-groom ng mga run, kaya magandang simula ito para mabuo ang kumpiyansa sa slope. Sa likurang bahagi (backside) ng Northstar ay may mas matatarik na tree run at mga natural na feature para sa mga naghahanap ng kaunting hamon.

Ang tunay na "pinakamahusay" na resort ay nakadepende sa kung ano ang hinahanap ng rider sa kanyang karanasan sa pag-snowboard. Mas angkop ang Palisades para sa mga mas advanced na freerider, mainam ang Northstar para sa mga park rider at baguhang snowboarder, at ang Heavenly naman ang may pinakamagandang tanawin at pinakamaraming pagpipilian. Lahat sila ay may mga opsyon na akma sa bawat indibidwal na rider.